Habang kami ay nasa paglalakbay kasama ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Dumating ang isang lalaki sa dala nitong sasakyan

Ayon kay Abe Saed Al-Khudrie-malugod si Allah sa kanya-Habang kami ay nasa paglalakbay kasama ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Dumating ang isang lalaki sa dala nitong sasakyan,lumilihis ang paningin nito sa bandang kanan at kaliwa,Nagsabi ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Sinuman ang nagmamay-ari ng labis na masakyan (kamelyo),ipagkawang-gawa niya ito sa sinumang walang masakyan (kamelyo),at sinuman ang nagmamay-ari ng labis na pagkain,ipagkawang-gawa niya ito sa sinumang walang pagkain",Binanggit niya ang ibat-ibang uri ng kayamanan,tulad ng pagkabanggit niya hanggang sa naisip namin na wlang karapatan ang isa sa amin sa labis (nitong pagmamay-ari)

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nagsabi si Abu Saed Al-Khudrie-malugod si Allah sa kanya-Na sila ay nasa paglalakbay kasama ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Dumating ang isang lalaking sa (sakay nitong) kamelyo,tumiting sa bandang kanan at kaliwa upang makahanap ng anumang bagay na makakatugon sa pangangailangan nito,Nagsabi ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Sinuman ang nagmamay-ari ng labis na masakyan (kamelyo),ipagkawang-gawa niya ito sa sinumang walang (masakyan kamelyo),at sinuman ang nagmamay-ari ng labis na pagkain,ipagkawang-gawa niya ito sa sinumang walang pagkain,Nagsabia ang nagsasalaysay: Hanggang sa naisip namin na walang karapatan ang isa sa amin,sa anumang (pagmamay-ari nitong) labis sa pangangailangan nito.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/5906